

MARK & LENNY

GIANO RAY C. POTES

KOLEHIYO NG KOMUNIKASYONG PANGMADLA

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

HUNYO 2017



UNIBERSIDAD NG PILIPINAS

Bachelor of Arts in Film

Giano Ray C. Potes

MARK & LENNY

Assistant Professor Jason Banal
Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Hunyo 2017

Thesis Classification:

F

This thesis is available to the public



UNIVERSITY PERMISSION PAGE

I hereby grant the University of the Philippines a non-exclusive, worldwide, royalty-free license to reproduce, publish and publicly distribute copies of this thesis or dissertation in whatever form subject to the provisions of applicable laws, the provisions of the UP IPR policy and any contractual obligation, as well as more specific permission marking the Title Page.

Specifically I grant the following rights to the University:

- A. a) To upload a copy of the work in the thesis database of the college/school/institute/department and in any other databases available on the public internet;
- B. b) To publish the work in the college/school/institute/department journal, both in print and electronic or digital format and online; and
- C. c) To give open access to the above-mentioned work, thus allowing “fair use” of the work in accordance with the provision of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293), especially for teaching, scholarly, and research purposes.

GIANO RAY C. POTES

College of Mass Communication

University of the Philippines

MARK & LENNY

ni

GIANO RAY CORPUZ POTES

ay inaprubahan para sa

Unibersidad ng Pilipinas Film Institute

At para sa Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla

nina

Assistant Professor Jason Banal

Professor Elena E. Pernia, Ph.D.

Dekana, Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla

PERSONAL NA DATOS

PERSONAL NA IMPORMASYON

Pangalan: Giano Ray Corpuz Potes
Address: 12 Riverside Executive Townhomes, Pasig
Mobile Number: 09566600907
Date and Place of Birth: November 1, 1993 – Quezon City

EDUKASYON

Primary at Sekondarya: Siena College of Taytay, Rizal
Unang Taon sa Kolehiyo: Unibersidad ng Pilipinas Baguio
(BA Communication Arts)

ORGANISASYON

The U.P. Repertory Company
Research Committee Head AY 2013-2014
Production Manager AY 2014-2015
Research Committee Head AY 2015-2016
Resident Dramaturg AY 2016-present

KARANASAN SA TRABAHO

Intern-Location Manager/Production Assistant,
RECLAMATION by Untold Creative (Dir: Andrew
Morgan, 2016)

Production Manager in the following UPFI thesis films:

DAPITHAPON by Mariah Santuico (2015)
DAAN PABALIK by April Agsunod (2016)
TATWA by Arvin Reno Labrador (2016)
HAPPY BIRTHDAY GABBY by Aya Clavecilla (2016)

PASASALAMAT

Para kay Mami, Papa at Ate Donna na naging suportado sa aking mga adhikaing hindi madaling suportahan.

Kay Paul Jake Paule na nagtiwala sa aking materyal, at kay Io Balanon na masyadong ginalingan at literal kong naging jowa sa loob ng tatlong araw na shooting.

Sa aking core production team Che Tagyamon, Glenn Barit, Anjos Rone at Robe Dagcuta na nakibahagi sa artistikong pruseso at dinala ang proyekto sa isang kakaibang lebel ng sining.

Kay Rob Jara, na siyang tumayong masugid at pasensyoso kong postproduction supervisor. Para kang ama sa incubating room pag nageedit.

Kay Prof. Yason Banal at Carlo Pacolor Garcia at sa matataba nilang mga utak at puso na mas naintindihan pa ang MARK & LENNY kaysa sa awtor nito. Maraming Salamat sa gabay at sa pagmamahal din sa proyekto.

Kay Jordan Peralta: thank you for the music that we are singing. Hinding hindi ko makakalimutan yung napakasayang araw ng scoring kahit borlogs na ako. Recording palang nung musika, naluluha na ko.

Kay Woody Allen, Nora Ephron, Ishmael Bernal, Billy Wilder at Barry Jenkins at sa kanilang mga pelikulang bumuhay sa aking diwa na ipagpatuloy ang proyekto.

Sa Monoxide Works (Jedd Dumaguina, Abi Dango, Owen Berico, JR Doroteo at lalo sa'yo David Ignacio) na tunay na nagpaganda sa pelikula, at kung saan mas natuto pa ako sa post production. Best Production House in the World!

At huli't huli kay Miguel Bongato, ang aking creative and life partner, na siyang tumayong mitochondria ng buong produksyon mula umpisa hanggang thesis defense lalo kung ako'y sabaw at namamatay na ang kaloob-looban.

PAGHAHANDOG

Para sa lahat ng masusugid na sundalo
ng pag-ibig at digma,
ng digma ng pag-ibig
at ng pag-ibig sa digma.

ABSTRAK

Potes, G.R. (2017). *Mark & Lenny*, Unpublished Undergraduate Thesis, University of the Philippines College of Mass Communication

Ang MARK AND LENNY ay isang maikling pelikulang romantic comedy-drama tungkol sa relasyon ng isang baklang estudyanteng si Ren sa dalawang lalaking aktibistang naging malapit sa kanya - sina Mark at Lenny. Ang una'y isang aktibistang nag"full time" sa kanayunan, samantalang si Lenny ang nakasama niya habang wala si Mark sa siyudad. Iikot ang kwento sa pagtalikod ni Ren kay Lenny sa paniniwalang magbabalik pa si Mark, ngunit puno't dulo'y mapagtatanto ni Ren na si Lenny pala ang tunay niyang nais makasama.

Dalawang teorya ang pagtutuligsain sa naratibo nina Mark, Lenny at Ren: una'y ang Marxismo-Leninismo-Maoismo na siyang batayang ideolohiya ng mga aktibista sa pagsulong ng Digmang Bayan; at ang Queer Theory na nagbabali ng mga binaries ng lipunan sa pagpapakilala ng mga identidad at kasariang kinakailangan din ng presensya sa lipunan at sa midya.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

TITLE PAGE.....	iii
UNIVERSITY PERMISSION PAGE.....	iv
ADVISER’S APPROVAL PAGE.....	v
PERSONAL NA DATOS.....	vi
PASASALAMAT.....	vii
PAGHAHANDO.....	viii
ABSTRAK.....	ix
I. INTRODUKSYON.....	1
a. Ang Kwento	3
b. Problema at Layunin	4
c. Kahalagahan ng Pag-aaral at Paglikha.....	5
II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA.....	6
a. Maikling Kasaysayan ng Kilusan at LGBT....	6
b. Mga Tekstong Impluwensiyal	12
III. FRAMEWORK	17
a. Marxismo sa Pilipinas.....	18
i. Marxismo sa Pelikulang Pilipino.....	20
b. Queer Theory.....	20
i. Queer theory sa Pelikulang Pilipino.....	21
c. Queering Marxism.....	22
d. “Mark & Lenny” bilang Queer Marxist.....	24
IV. PROSESO NG PRODUKSYON.....	26
a. Pre-production.....	26
b. Production.....	30
c. Post-production.....	33

V.	SCREENPLAY.....	39
VI.	PRODUCTION STILLS.....	72
VII.	RESULTA AT DISKUSYON.....	77
	a. Kritika ng Faculty.....	77
	b. Kritika ng mga Manunuod.....	79
VIII.	IMPLIKASYON AT MUNGKAHI.....	82
IX.	MGA SANGGUNIAN.....	82
X.	APPENDICES.....	84
	a. Credits ng Pelikula	
	b. Film 199 – Presentasyon ng Kunsepto	
	c. Production Design Breakdown	
	d. Call Sheet	

TALAAAN NG MGA FIGURA

Figure 1:	Framework Illustration.....	17
Figure 2:	Tatsulok ng Lipunang Pilipino.....	18
Figure 3:	Narrative Arc ng “Mark & Lenny”.....	24
Table 1:	Schedule ng Produksyon.....	31
Table 2:	Budget ng Produksyon.....	32
Table 3:	Schedule ng Postproduction.....	33
Table 4:	Mga Tugon sa Eval Form.....	78

TALAAAN NG MGA IMAHEN

Images 1-6:	Teasers 1-6.....	34-36
Image 7:	Screencap from Trailer.....	37
Image 8:	Official Poster for Likha Adarna.....	38
Images 9-13:	Production Stills.....	72-76

KABANATA I. INTRODUKSYON

Hindi maikakaila ang katotohanan ng armadong pakikibaka at rebolusyon, at ng relasyong sekswal ng mga bakla. Ito ay parehong nagaganap sa kasalukuyan. Sa panig ng Marxista-Leninista-Maoistang rebolusyon, ang umiigting na mga kontradiksyon sa lipunang Filipino ang nagtutulak sa maraming kabataan na “mamundok” o sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Noong 2009 ay naitala ng *Armed Forces of the Philippines* na mayroon itong 4,874 na kasapi (Chalk, 2009) at noong 2016 ay naitalang mayroon itong 4,000 na kasapi (Francisco, 2016). Mula 1980s na may higit-kumulang na 30,000 na kasapi, nalagas ang maraming miyembro dahil sa mga internal na suliranin at ang nagpapatuloy na operasyong militar sa kanayunan ng gubyerno ng Pilipinas. Gayunpaman ay nananatiling malakas, buo at matunog ang mga panawagan ng Bagong Hukbong Bayan.

Isa pang balita na naging matunog sa usapin ng Hukbo ay ang *same-sex marriage* nito. Noong 2005 unang naibalita ang kasal nina Ka Andres at Ka Jose, na ibinalita bilang pinakaunang same-sex marriage sa loob ng ating bansa. Mapasangayon ay kinikilala ang ganitong legal na pagsasama sa loob ng sistema ng mga Komunista at ilan pang mga tagong pangkat ngunit patuloy na isinasantabi ang gayong pagsasama ng parehong kasarian sa gubyerno ng Pilipinas. Sa isang pagpupulong sa Myanmar, nabanggit ng kasalukuyang Pangulong Rodrigo Duterte:

Yun ang kultura nila. Eh di kayo lang, hindi 'yan pwede sa amin. Katoliko kami at, there is the Civil Code, which says that you can only marry a woman for me... for a woman to marry a man (Romero, 2017)

Pinagsamang simbahan at batas ang nagbabawal sa mga LGBT++ na magpakasal. Ngunit sa kabila nito, ang mga relasyon sa loob ng LGBT ay patuloy at mas hayag na nagsasama sa kasalukuyan. Lalo marahil sa Unibersidad ng Pilipinas kung saan sinasabing ang mga bakla, lesbiyana, trans, bisexual o anumang sekswalidad ay “safe in U.P.” (Llaneta, 2012).

Malay sa gayong mga suliranin, pinili ng awtor na ipasok ang kwento sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas kung saan ang usapin ng dalawang paksa ng aktibismo at LGBT ay malayang mapag-uusapan. Ang mga diskurso ukol sa dalawang panig ay lilitaw sa kwento ng pag-ibig sa dalawang relasyon sa maikling pelikula na MARK & LENNY – relasyon ni Ren sa parehong Lenny, at Mark.

Sa kabila ng sentral na kwento ng pag-ibig, tungkol ang MARK AND LENNY sa ilang pagkukwestiyon sa mga kultura at paniniwala ng nagtutunggaliang mga karakter nina Ren at Mark, at Ren at Lenny. Si Ren bilang isang baklang namuhay at nagpakasarap bilang peti-burgis na binata ng siyudad na siyang naniniwala sa mapayapang mga solusyon sa problema ng lipunan ay walang habas na tinutuligsa ang prinsipyo ng Komunistang si Lenny na may masidhing pagpapahalaga sa armadong pakikibaka. Gayundin ang naunang mamundok na si Mark, isang aktibista mula sa henerasyon ng 2000s na di hamak ay mas “hardcore” o mas malakas ang paninindigan sa pakikibaka.

Nais ipahiwatig ng pelikulang wala itong pagkutya sa isinasabuhay ng mga aktibista o sa buhay ng mga bakla, bagkus ay ano nga ba ang dulot nito sa mga taong nasa labas ng pagkilos na silang may kaugnayan pa rin sa mga aktibistang iisa ang tunguhing magrebolusyon. Wala rin naman itong bahid ng pagtalikod sa laban para sa karapatan ng mga LGBT. Isa itong diskurso ng dalawang panig.

Bilang isa ring aktibistang sumailalim sa sistema ng mga pulang kumikilos at siya ring tinalikdan ito sa pagdaan ng panahon, ang MARK & LENNY ay pamamaraan din ng manunulat at direktor na maglatag ng dalawang nagtutuligsang teorya - ang *Queer* at ang Marxismo - sa isang pelikula. Sa pamamagitan ng mga biswal na representasyon at laluna na ang mga dayalogo (sa pagsanib ng sekswalidad at armadong pakikibaka) ay tinutulak ng awtor na *i-queer* ang Marxismong kilusan. Dahil sa mabigat sa dayalogo at diskurso ang pelikula, hindi mahirap na ilapat dito ang dalawang teoryang ito. Ito ay nababagay na ilapat sa pelikula dahil na rin *queer* si Ren at Marxista naman sina Lenny at Mark.

Para mas maging makakatotohanan at matalas ang pagsusulat ay mahalaga ring magkalap ng impormasyon mula sa mga pag-aaral at pagsusuri ng mga aktibista at gayundin ay makapanayam ang mga aktibistang may karelasyon na, gaya nina Lenny at Mark, sumabak sa rebolusyon at mabatid ang kanilang karanasan sa gayong sitwasyon.

Ang Kwento:

Inamin ng isang baklang *college student* (na nanggangalang Ren) sa kanyang matagal nang kaibigan at manliligaw na aktibista (Lenny) na

mayroon siyang *full-time* aktibistang karelasyong (Mark) namundok tatlong taon na ang nakalilipas, ngunit wala na siyang naging balita sa loob ng isa't kalahating taon. Sa paghihintay sa karelasyon ay hindi siya naniwalang patay na ang kasintahan, kahit pa may pumutok nang balita na ang ilan sa mga kasamahan nila ay namatay nang lusubin sa HQ nila sa kanayunan.

Sa paniniwalang buhay pa si Mark ay malungkot na pinakawalan ni Ren si Lenny na siyang naging kasangga niya. Di nagtagal, napagtanto din niyang umiibig na rin pala siya kay Lenny. Tumakbo siya papunta sa pinaroroonan nito, ngunit huli na ang lahat – pasakay na sa jeep sa piling ng mga kasama, ang manliligaw niya naman ang mamumundok. Sa kabila ng napakaraming katwiran para talikuran na lang ni Lenny ang pag-*full time* ay buo na ang desisyon nito. Nag-iwan ito ng pamamaalam at nangakong babalik siya, bago tuluyang umalis.

Problema at Layunin

Ang pag-aaral at paglikha ay naglalayon na makabuo ng isang pambihirang diskurso sa pagitan ng mga bakla at mga aktibista sa pamamagitan ng isang maikling naratibong pelikula. Ilang mga katanungang nais kong sagutin ay ang mga sumusunod:

- Ano ang buhay ng mga aktibistang sumasabak sa digmang bayan?
- Ano naman ang buhay ng mga naiiwan nilang mahal sa buhay sa siyudad?

- May papel ba ang mga bakla sa kilusan? Ano ang papel nila?
- Ano ang kaugnayan ng mga baklang siyudad sa mga aktibista/Komunista?
- Ano ang mananaig sa tunggalian ng mga ideolohiya ng baklang siyudad at baklang namumundok at nakikibaka?

Kahalagahan ng Pag-aaral at Paglikha

Naniniwala ang awtor ng pelikula sa kahalagahan ng akda dahil maliban sa bibihira ang kwento ng mga baklang nag-iibigan sa pelikula, higit na bibihira ang paglalahad ng kwento ng mga aktibistang nagmamahalan - ano pa kung sila'y mga aktibistang bakla sa kasalukuyang panahon. Maliban sa paglalahad at pagkukwestiyon, tila mikroskopo ang pelikulang nakatutok sa buhay ng mga baklang aktibista sa kanilang mga kalbaryo at pakikipagsapalaran. Anuman ang ideolohiyang magtagumpay, ang pelikula ay tatayong patunay na ang mga bakla at mga aktibista ay mga tao ding nagmamahal, nasasaktan, naghihintay, naghihiwalay at nagkakasama.

KABANATA II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Sakop ng pag-aaral at paglikha ang pagbalik-tanaw sa literatura ng kontemporaryong kilusan at mga patungkol din sa buhay ng mga bakla sa kasalukuyan. Kabilang dito hindi lamang ang mga pag-aaral sa aktibismo at mga tala ng kasaysayan nito sa Pilipinas kundi pati ang mga pelikulang nagsilbing inspirasyon sa awtor para likhain ang maikling pelikula.

A. MAIKLING KASAYSAYAN NG KILUSAN AT LGBT SA BANSA AT SA PELIKULA

Aktibismo at Kasaysayan ng LGBT sa Partido Komunista

Nabubuhay ang naratibo ng pelikula sa isang panahong lumipas na ang Batas Militar ng 1970s, EDSA *People Power Revolutions* ng mga dekadang 1980s at 2000s, at ang mga administrasyong Arroyo at Aquino. Di makakaila ang papel ng mga aktibista o mga "tibak" sa bawat yugto ng mga kaganapang pulitikal sa bansa. Kapansin-pansin ang paglaganap nito sa administrasyong Marcos, ang malaking bahagi nito sa *People Power* at ang pagtataguyod nito mapasangayon.

Isang mahalagang adhikaing naisulong ng Partido Komunista ay ang pagkakaroon ng

same-sex marriage sa kilusan noong 2005 - ang kauna-unahang pangkat na kumilala sa karapatan ng LGBT sa pagsasamang legal.

Naging patok itong usapin noong kalagitnaan ng 2000s nang ikasal sa ngalan ng rebolusyon sina “Ka Andres” at “Ka Jose” sa ilalim ng banderang pula at tangan ang punglo na simbulo din ng kanilang pagsasama sa ngalan ng Digmang Bayan.

Agad itong naiulat sa internasyunal na midya at isang bahagi ng pagsusulong ng LGBT *rights* sa bansa. Ngunit nakapaloob din ang kontradiksyon sa galaw na ito: ayon sa ilang mga datos mula sa panayam sa mga LGBT na sumabak sa kanayunan, ang mga magkakarelasyon (heterosekswal man o homosekswal) ay pinagbabawalang makipagtalik, o kahit unahin ang interes ng relasyon. Sila dito'y pinaghihiwalay sa iba-ibang kampo o istasyon at ninanais ng sentralismong pagmamahal - na unahin ng mga ito ang tungkulin sa rebolusyon. (Ka “Juicy”, 2015)

Ang kasaysayan ng LGBT sa Partido Komunista ng Pilipinas ay nagsimulang di rin kinikilala. Maliban sa patriyarkal ang simulain ng Partido - lalaki ang nagbuo, mga lalaki ang namuno, at malaki ang porsyento ng kalalakihan ang unang sumabak - sa una'y pinagbawal ang mga bakla sa pagkilos dahil sa paniniwalang ang interes ng laban ng kasarian ay isang "labang burgis dekadente". Maging mga pangangailangan ng kababaihan sa kilusan ay hindi agad kinilala pagka't dito'y nagsimula silang magtaguyod

muna ng "nurturing roles" ng nars, gatherer, kusinera bago naturuang humawak ng armas. Ang LGBT sa kilusan ay isa ring sanggol na kunsepto, noong 1990s lamang kinilala ang LGBT sa grupong PRO-GAY.

Ang LGBT rights nga naman ay unang isinulong ng mga gitnang uri sa *Stonewall Riots* noong dekada '60s. At maging laban ng LGBT sa Pilipinas ay nagsimula lamang noong 1970s sa mga gitnang uri din. Sa tinagal ng pakikibaka ng mga LGBT ay naitukoy din ng Partido Komunista na may mga nabubuhay na LGBT sa uring manggagawa't magsasaka na batayan nilang pinagsisilbihan. Bagama't iba ang interes at pakikibaka ng mga bakla at lesbiyana ay inihabi ng mga Komunista ang labang ito sa rebolusyunaryong interes - ugat a nila ng paghihirap ng LGBT ang patriyarkal na lipunang pinapairal ng "super structure" ng lipunang Pilipino na pinapairal ng mga Malalaking Burgesya Kumprador, ng mga Panginoong Maylupa, mga Burukratang Kapitalista at mga Imperyalista.

Kinilala din ang LGBT bilang isang "special sector" sa tatsulok ng lipunan, dahil sa presenya nito sa iba't ibang hanay ng manggagawa, magsasaka at peti-burgesya.

Sa isang batang pagkilala sa LGBT *rights* ay parehong nakakagulat at nakakagalak ang pagtaguyod ng kilusan sa *same-sex union*. Sa kasalukuyan ay tago ang mga seremonya matapos ang kasal noong 2005. Maging mga lesbiyana ay ikinasal na sa kanayunan. At sinundan pa ng ilang seremonya sa parehong hanay ng mga bakla at lesbiyana. Ang awtor

ay nakakilala ng 2 mag-asawang LGBT na ikinasal sa hukbo at dahil sa labis na pagtatago ay di pa maihahayag, bagkus ay isinama ang pakikipanayam sa planong pre-produksyon.

Ang Bakla sa Pelikula, Ang Pelikula sa Baklang Aktibista

Ang kasalukuyang panahon din ay nagkaroon ng pagsulpot ng maraming mga naratibo ng LGBT sa pelikula. Sa hanay ng mga bakla ay nanguna ang mga "gay films" sa mga pelikulang *independent*. Nanguna dito ang pelikula ni Aureus Solito na ANG PAGDADALAGA NI MAXIMO OLIVEROS noong 2005 na tumayong isang simulain na ipakilala ang buhay at interes ng isang batang bakla sa panlipunang tunggalian ng lumpen (sa katauhan ng kanyang mga lalaking kamag-anak) at estado (sa katauhan ng pulisya). Halos ilang taon din ito mula nang ipalabas ang kumersyal na pelikula ni Dolphy na MARKOVA: COMFORT GAY (Gil Portes, 2001) na unang nagpakilala sa internasyunal na mga manunuod tungkol sa buhay ng mga bakla at trans na naging biktima ng World War II.

Magandang simulain man noong 2000s ang mga pelikulang ito ay tila lumabnaw ang pulitika ng mga pelikulang may homosekswal na paksa nang humalili ito sa mga pelikulang bomba bilang mga *softcore porno* gaya ng TWILIGHT DANCERS (Mel Chionglo, 2006), PANTASYA (Brillante Mendoza, 2004) at MASAHISTA (Brillante Mendoza, 2005). Sa mainstream din ay lumaganap ang mga pelikulang may magandang paglalarawan sa kabaklaan ngunit sa pamamagitan lagi ng

stereotypical na pagpapatawa gaya ng MANAY PO (Joel Lamangan, 2006) at SO HAPPY TOGETHER (Joel Lamangan, 2004).

Ngunit muling namayagpag ang iba-ibang ekspresyon ng mga bakla sa mga *film festival* sa pagpasok ng dekada 2010s, sa pagpapalabas ng ANG SAYAW NG DALAWANG KALIWANG PAA (Alvin Yapan, 2011) REQUIEME! (Loy Arceñas, 2012), ESPRIT DE CORPS (Aureus Solito, 2014), QUICK CHANGE (Eduardo Roy, Jr., 2013) at KASAL (Joselito Altarejos, 2014) kung saan mas *complex* ang paglalahad ng mga relasyon, mas makatao ang pagsasalamin sa mga bakla at mas pinagyaman ang kwento't mga dayalogo. Sa listahan pa lamang ay makikita nang sa mga pelikulang *independent* mas namayagpag ang maraming kwento ng mga bakla.

Sa kabila ng mga ito ay bibihira ang mga pelikulang may paksa ng pinagsamang aktibismo at kabaklaan. Dalawa lamang ang pelikulang may sentral na paksang ganito - ang mga pelikulang LIHIS (Lamangan, 2015) at MULI (Adolfo Alix Jr, 2011) - habang may isang eksperimental na pelikulang pahapyaw na ipinakita ito - BUKAS NA LANG SAPAGKAT GABI NA (Jet Leyco, 2012). Kalakhan sa mga pelikulang ito ay patungkol sa panahon ng Batas Militar at hindi hayagang tumatalakay sa kasalukuyang kalagayan ng mga bakla sa kilusan. Ngunit sa kabila nito, ang LIHIS at MULI ay parehong naglahad ng mga problema sa pagtrato sa mga bakla sa loob ng kilusan sa dekadang 1970s-1980s.

May malaking kakulangan sa larangan ng pelikula pagdating sa pagpapalabas ukol sa mga baklang labas sa gitnang uring interes, kaya't nakikitang pangangailangan na magpalabas din ng mga kwento ng kabaklaan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan, lalo na sa mababang uri at sa mga pulitikal na pangkat.

B. MGA TEKSTONG IMPLUWENSYAL SA “MARK & LENNY”

1. ANNIE HALL (Woody Allen, 1977)

Ang obra ni Woody Allen na ANNIE HALL, tinaguriang *Best Picture* ng *Academy for Motion Pictures and Sciences* (AMPAS) noong 1977, ang isa sa mga pinakaimpluwensyal na pelikula sa *genre* na *romantic comedy*. Gumamit ito ng *non-linear* na lapit sa pagtalakay ng isang relasyong nagtapos na sa pagitan ng *neurotic* na Woody Allen *archetype* na si Alvy Singer at ang babaeng inibig niyang si Annie Hall. Gumamit ang ANNIE HALL ng ilang malikhaing lapit sa *flashback* na marahil ay impluwensya din ni Federico Fellini sa *8 ½* (1965) kung saan ang mga karakter na nag-uusap ay papasok mismo sa alaala upang ipagpatuloy ang usapan habang nakikita sa biswal ang mga kaganapan. Ang gayong istilo ay ginamit rin sa MARK & LENNY bilang isang diskurso ng mga karakter at upang mas mabigyan sila ng pagkakataong makalikha ng *rapport* sa audience sa maikling *duration* ng pelikula.

Impluwensiya si Woody Allen sa awtor ng MARK & LENNY dahil sa diskursong inihahapag ni Woody Allen ukol sa relasyon, sa pagkikipagtalik, sa pulitika at iba pang *nuances* ng intelligentsia – pawang mga paksa ding tatalakayin sa MARK & LENNY.

2. MANHATTAN (Woody Allen, 1979)

Sinundan ni Woody Allen ang ANNIE HALL ng isang mas masalimuot na kwento ng pag-ibig sa MANHATTAN. Dito mas nilibot ni Allen ang *complexity* ng mga relasyon pati na rin ng pamamaalam. Mahalaga ring usapin sa paglikha ng pelikulang ito ang *iconic* na *cinematography* ni Gordon Willis. Kumpara sa ANNIE HALL ay lumikha si Allen ng isang *picturesque (black & white)* na mukha ng siyudad ng New York. Siya ri'y gumamit ng ilang *camera movements* na nakatulong sa pagdaloy at paglaganap ng kwento.

Ang MARK & LENNY ay maituturing na *homage* sa MANHATTAN dahil sa malapit nitong *resemblance* sa una't huling mga eksena. Ang karakter din ni Ren sa MARK & LENNY ay maituturing na Filipino ng bersyon ng *neurotic* at *indecisive* na karakter ni Woody Allen sa MANHATTAN.

3. HAPPY TOGETHER (Wong Kar Wai, 1996);

MOONLIGHT (Barry Jenkins, 2016)

Marami nang baklang manunulat at filmmaker ang naimpluwensiyahan ng obra ni Wong Kar Wai, mula sa kakaibang paggamit ng kulay hanggang sa melodrama ng mga karakter nito na nagkasama sa isang pook na hindi nila nakikilala. Marahil isa ring kakaibang aspeto ng HAPPY TOGETHER ay ang presentasyon nito ng isang mapinsalang relasyon ng dalawang lalaki na makabago din lalo sa panahong ito'y ipinalabas.

Sa kalidad nitong impluwensiyado din ni Wong Kar Wai, isang mahusay na pelikula ang MOONLIGHT na maaaring iugnay sa HAPPY TOGETHER. Mula sa paggamit nito ng kulay (marahil mas *cool* ang atake, kumpara sa *warmer tones* ng HAPPY TOGETHER) at sa masalimuot nitong kwento ng pagkakaibigan at pag-iibigan, nagbigay ng *update* si Jenkins sa kwento ng paghihiwalay ng dalawang lalaking magkarelasyon. Impluwensiyal naman ang dalawang pelikula sa paggamit ng kulay at framing sa MARK & LENNY.

4. WEEKEND (Andrew Haigh, 2011)

Ang WEEKEND ni Andrew Haigh ay isang *queer* na pelikula tungkol sa erotikong pagsasama ng dalawang baklang Ingles sa loob ng ilang araw. Mahalaga ang dayalogo sa pelikula dahil sa diskurso ng dalawang bading kung saan ang isa ay mas pasibong uri ng bakla, habang ang isa naman ay pulitikal, madaldal at palabang hinahamon ang mga relasyong heterosekswal na may pagkutya sa mga relasyong homosekswal. Mahalagang maitala ang ilang mga kataga mula sa pelikula:

Glen: Look. Straight people like us as long as we conform, we behave by their little rules. Imagine your friends if you suddenly started getting all, but really, political about being a fag, or you got suddenly, like, camp and swishy or talked about rimming all the time.

Russell: [interrupting] But that's not what I'm like, is it? That's not who I am.

Glen: Well, just trust me: They like it as long as we don't shove it down their throats.

Russell: Okay, well, why should I just shove it down their throats?

Glen: Because they shove it down our throats all the time: Being straight. Straight story lines on television, everywhere – in books, on

billboards, magazines, everywhere. But, ah, the gays, the gays - [gasps]

Glen: "We mustn't upset the straights. Shh. Watch out. Straights are coming. [lispng]"

Glen: "Let's not upset them. Let's hide in our little ghettos. Let's not hold hands. Let's not kiss in the street, no."

Naging impluwensiya din ang gayong perspektiba sa mga straight at gay sa pagsusulat ng MARK & LENNY, at ang gayon ding karakter na vocal sa mga kabalintunaan ng lipunan.

5. Maiikling Kwento: GEYLUV (1991) at GIYERA (1997) ni Honorio Bartolome de Dios

Premyadong awtor si Honorio Bartolome de Dios ng mga kwento ng kabaklaan. Ang libro niyang antolohiya ng mga maiikling kwento na SA LABAS NG PARLOR ay lupon ng mga interesanteng naratibo ng iba't ibang mga bakla noong dekada nobenta. Tumatak sa madla marahil ang tatlo niyang mga kwentong LALAKI, GEYLUV at GIYERA, at ang GEYLUV at GIYERA ay naging impluwensiya sa paglikha ng MARK & LENNY. Ang GEYLUV ay kwento ng pagkakaibigan ng isang straight at isang bakla na malapit nang umabot sa pag-iibigan. Samantala, ang GIYERA naman ay pakikipagsapalaran ng isang baklang parlorista sa kanayunan kung saan siya ay masasabit sa gitna ng labanan ng mga rebelde at militar.

Nang matapos ang iskrip ng MARK & LENNY ay inihalintulad ito ng manunulat na si Carlo Pacolor Garcia sa mga kwento ni de Dios. Nakaantig sa awtor ang mga akda at naging impluwensiya din sa pinakahuling *draft* nito. Ang isang

lina mula sa GEYLUV ang naging introduksyon ng MARK & LENNY:

Hindi lang yakap at halik ang gusto kong isukli sa kanya nang gabing iyon. At hindi rin kahalayan. Gusto ko siyang mahalín. Gusto kong ipadama ang nararamdaman ko para sa kanya. Isang gabi lang iyon. Marami pang gabi ang naghihintay sa amin at hindi ako bato para hindi matukso. Higit sa lahat, bakla ako! (de Dios, 1991)

Samantala, ang huling imahe ng MARK & LENNY ay homage din sa isang linya ng

GIYERA:

Tulad ng maraming biktima ng halimaw, alam nilang matagal nang nakilahok sa giyera sa San Martin si Bernie. (de Dios, 1997)

KABANATA III. FRAMEWORK

"Mark & Lenny" bilang diskurso ng Marxismo at Queer: Queering Marxism




Figure 1: Framework Illustration

Gumamit ang MARK & LENNY ng parehong teoryang *queer* at Marxismo para sa diskurso ng dalawa nitong karakter na may klarong paghihiwalay ng ideolohiya. Mahalagang maihapag ang parehong teorya at kung saan sila nagtatagpo, o nagkakahiwalay.

A. MARXISMO SA PILIPINAS

Sa akademya, ang “Marxism” na teorya ni Karl Marx (na naisalin nina Antonio Gramsci, Theodor Adorno, etc. bilang *Neo-Marxism*) ay nakapokus sa ugnayan ng mga uri ng tao sa loob ng isang lipunan. May labanan ng pwersa sa isang lipunan, sa pagitan ng mga nakatataas o “burgis” na uri laban sa nakararaming maralitang uring manggagawa at magsasaka. Isa mang Kanluraning konsepto ang Marxismo, nailapat ni Jose Maria Sison ang teorya ni Marx (kabilang na ang Leninismo at Maoismo – ang mga stratehiya ng mga Marxista ding lider na sina Vladimir Lenin at Mao Tse Tung) sa bansa sa kanyang librong “Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino” (bersyong 1970, bilang “Philippine Society and Revolution”). Dito nakasaad ang tatsulok na modelo ng lipunang Filipino:




Figure 2: Tatsulok ng Lipunang Pilipino

At sa MKLRP din ipinapakilala ang mga batayang suliranin ng bayan:

- A. Imperialismo – na nakaangkla sa pwersa ng imperialistang U.S. at Europa sa pagkamkam sa yaman ng bansa at sa paggamit sa bansang nasasakupan bilang isang base militar at market para sa mga produktong surplus
- B. Burukrata-Kapitalismo – kung saan ang gubyerno mismo ang nagpapaubaya ng batas para mangamkam ang mga kapitalista sa mga komunidad ng mahihirap na mamamayan, at gubyerno mismo ang pumuprotekta sa kanila sa pagpapaubaya naman ng armadong pwersa
- C. Pyudalismo – batayang kaayusan ng nakatataas na kapitalista at mababang-uring manggagawa; ng panginoong maylupa at mga magsasaka. Opresibong kalagayan ng mahigit 70% na populasyon ng magsasaka at 15% manggagawa at ang pananamantala sa kanilang kakayahan ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador.

Sa gayong lagay, ang isinusulong na solusyon ay iisa: ang rebolusyon, o digmang bayan. Ipinakikilala ng MKLRP ang presenya ng Bagong Hukbong Bayan (New People's Army), ang armadong pwersa ng Partido Komunista ng Pilipinas, at ang kahalagahan ng rebolusyon na kanilang isinusulong na siyang sasagot a nila sa lahat ng laban ng bawat mamamayan.

MARXISMO SA PELIKULANG PILIPINO

Ang mga Marxistang teksto, literatura at pelikula sa bansa ay ginagamit ang akda ni Sison bilang batayan. “Social realism” ang istilo ng paglalahad ng mga ito, at kadalasa’y magtatapos sa isang “call-to-action” o paghahamig sa mga tao sa sumanib sa pakikibaka. Isang malinaw na halimbawa nito ay ang *SISTER STELLA L* (Mike de Leon, 1982) kung saan ang isang madre ay napakilos ng paglaban ng unyon ng mga manggagawa. Ito ay magtatapos sa isang halos *Brechtian* na pagbasag ng ilusyon at direktang pagkausap ni Sister Stella L (na ginampanan ni Vilma Santos) sa mga manunuod sa sumama sa pagkilos. Kadalasan sa mga pelikulang Marxista ay tumutukoy sa mga nagdaang pagkilos gaya noong Martial Law sa pelikulang *SIGWA* (Joel Lamangan, 2010) o *BARBERS TALES* (Jun Lana, 2014) ngunit may ilan ding tumutukoy sa kasalukuyan gaya ng *PADAYON* ni Kathy Molina (2011) at ng mga bidyo ng Tudla Productions at MayDay Multimedia. Layon ng gayong mga teksto na mas mamulat ang mambabasa sa mga tunay na kalagayan ng lipunan lalo ang tunggalian ng naghaharing-uri at mga mahihirap. Nais ng mga pelikulang Marxista na mamulat ang mga manunuod sa katotohanan ng tatsulot ng lipunan at ang bawat manipestasyon nito. Sa kamulatan ng manunuod ay halos wala na itong mahahanap pang pag-asa sa siyudad at magtutungo sa kanayunan para sumapi sa rebolusyon.

B. QUEER THEORY

Bagamat bago sa ating bansa, ang teorya ng *Queer* ay isang masusing pag-aaral sa LGBT++, na sumasaklaw na rin sa pulitika ng identidad, lahi at uri. Sa pag-aaral ng *queer*, mahalagang intindihin ang gayong teorya sa mga kataga ni E. Patrick Johnson (2008):

To embrace “queer” is to resist or elide categorization, to disavow binaries (that is gay vs straight, white vs black) and to proffer potentially productive modes of resistance against hegemonic structures of power.

Mahalaga na nag-umpisa ang usapin ng *queer* sa laban ng LGBT rights dahil una ay ginamit ang *queer* bilang isang salitang pangkutyang sa mga miyembro ng komunidad na ito, ngunit sa pagdaan ng panahon at sa paglaganap ng pagsusulat ng mga LGBT na manunulat at iskolar ay naging isa itong pulitikal at akademikong salita upang tukuyin ang mga miyembro ng LGBT, o kahit anong may kaugnayan dito. Naging pandiwa na rin ang salitang ito. Ang “Queering” ay nangangahulugang:

to reevaluate or reinterpret a work with an eye to sexual orientation and/or to gender, by applying queer theory (Burger, 2001)

Bagkus, ang paggamit ng *queer theory* ay pagbubuklat sa mga lumang konsepto at pagbali sa mga naturang patakaran o kumbensyon nito upang mas mapalawig ang mga intensyon, konteksto o pulitika ng isang ideya o institusyon.

QUEER THEORY SA PELIKULANG PILIPINO

Marami nang lumabas na *queer films* sa bansa kung ang usapin ay ang pagkakaroon ng mga pelikula tungkol sa LGBT, ngunit bibihira ang mga pelikulang *queer* na akademiko o pulitikal ang atake sa homosekswalidad. Isang halimbawa ay ang mariing paglalahad ng manunulat na si Rody Vera ng malinaw na paghahati ng lipunan sa mga liberal na tumatanggap sa LGBT at sa mga konserbatibong hindi tinatanggap ang mga ito. Nailahad niya ito sa *REQUIEME!* (Loy Arcenas, 2012) at *DIE BEAUTIFUL* (Jun Lana, 2016) kung saan ang mga protagonistang bakla o

trans ay itinakwil ng isang konserbatibong pamilya at bumuo ng kanyang sariling bagong pamilyang tanggap siya.

Mahalaga ring balikan ang mga pelikulang ANG TATAY KONG NANAY (Lino Brocka, 1978) at OLIVER (Nick Deocampo, 1983) na ipinakita ang mga suliranin ng mga bakla at mga *queer* na persona sa panahon ng Batas Militar, o ng dekada 70s at 80s sa siyudad. Isang pagkukwestiyon sa mga pamantayan ng heterosekswal na pagsasama ang pagkakaroon nina Deocampo at Brocka ng mga *queer* na ama, na masigasig ding nagtatrabaho at nakakapagbalik ng serbisyo sa bayan.

C. QUEERING MARXISM

Sa pagtatagpo ng *queer* at Marxismo, ang pangunahing inilalahad ng mga kritikong *queer* ay ang “reification of desire” o ang pagkilala sa sekswalidad bilang isang materyal na bagay at isa ding karapatang nararapat kilalalin. Sa libro ni Kevin Floyd na *The Reification of Desire* (2009), isang paraan upang kilalanin ang LGBT *rights* ay ang pagtanggap sa kagustuhan ng indibidwal at sa mga natatanging pagkakapareho nito sa kolektiba ng LGBT. A niya:

If gay liberation appropriated the revolutionary erotic implications of universalized desire—directly from Marcuse, indirectly from Freud, and against the assimilationist tendencies of the minoritizing homophile movements—this was necessarily a critical appropriation on the part of a formation that could challenge sexual minoritization and political individuation only by way of a collective, historically situated, insurrectional subjectivity. (Floyd, 2009)

Mula naman sa panig ng LGBT na makakaliwa, kinilala ni Peter Drucker ang pagkakawalay ng LGBT rights sa makauring pakikipaglaban

ng mga Marxista. Sa pamamagitan ng pag-aaral niya ng libro ni Floyd at ng librong *Sexuality and Socialism: History, Politics, and Theory of LGBT Liberation* ni Sherry Wolf (isa namang librong isinailalim ang laban ng LGBT sa makauring tunggalian) ay naisulat ni Drucker ang pangunahing suliranin ng pagtatagpo ng queer at Marxism:

These two very different books have some limitations in common. Neither draws much on the body of socialist-feminist thought that has been developed since the 1970s. Wolf's Marxism links women's and LGBT liberation, but does not sufficiently integrate feminism. Floyd makes important connections between gender and sexuality, but focuses one-sidedly on U.S. middle-class gay men. And while both books show the historical character of the categories of heterosexuality and homosexuality, neither focuses on queer radicals' efforts today to challenge the gay/straight binary. (Drucker, 2009)

Ayon kay Drucker ay dapat matandaan na ang peminismo (na siyang matagumpay na naisama sa programa ng mga Marxista) ay nag-umpisa bilang paglaban para sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian sa socio-pulitiko at ekonomikong aspeto ng isang lipunan. Dito, maibabalik ang usapin sa punto ni Floyd na nararapat kilalanin ng kilusan ang “desire” bilang isa ding karapatan ng mga *queer* nitong kasapi. Taliwas sa pagtawag sa paglaban ng mga LGBT bilang isang tunggaliang “burgis”, parehong pagkakapantay-pantay ang ipinaglalaman ng parehong LGBT at Marxista, ang isa nga lang ay nakapokus sa kasarian at sekswalidad at ang isa’y sa uri. May pagkakaiba man ay pawang kailangang maisulong kung nais ay lipunang walang opresyon.

D. “MARK & LENNY” BILANG *QUEER MARXIST* NA TEKSTO

Layon ngayon ng *queer theory* sa MARK & LENNY na bulatlatin ang mga tradisyon, paniniwala at kumbensyon ng mga Marxistang “tibak” upang maipasok ang isang panibagong mukha ng aktibismo mula sa perspektiba ng *queer*. Maisasagawa ang gayon sa pamamagitan ng naratibo ng isang relasyon na nabuo sa loob, labas at pagitan ng mga aktibidad ng aktibismo – *rallies, mobilizations, EDs, prodwork* at ang pagtuloy sa pamumundok.




Figure 3: NARRATIVE ARC NG MARK & LENNY

Ang naratibo mismo ng MARK & LENNY ay may pagsulong sa pagiging tao ng mga aktibista (sa pamamagitan ng paghayag ng kanilang emosyon at saloobin) habang unti-unting naglalaho ang diskurso ukol sa aktibismo at kabaklaan. Ang mga relasyon mismo ni Mark kay Ren at Lenny kay Ren ang magiging lunan para sa diskursong ito. Malinaw na may pag-aalangan si Mark sa gaya ni Ren na “neoliberal” na *millennial* na homosekswal na marahil isang pagsasakatauhan sa lahat ng

kagustuhan ng makabagong kabataan – wifi, internet, pornograpiya, kape ng Starbucks at Grindr. Samantala, sa una ay may “fetish” si Ren sa mga aktibistang gaya ni Mark, at napamahal si Ren sa paniniwalang ang dedikasyon at sidhi ng kanilang pagmamahal sa pakikibaka ay maiaalay din sa kanya. Ipapakita si Mark bilang isang *archetype* ng isang aktibista – matipuno, kayumanggi, palaban ang boses, prinsipyado. Ngunit kahit may ganoong kakaibang kagustuhan ay hindi gustong sumabak ni Ren sa pakikibaka. Dahil sa pagbabangga ng kanilang dalawang magkaibang persona, lilitaw ang malinaw na katayuan sa aktibismo nina Mark at Ren. Sa mga linya ni Ren tungkol kay Mark at sa aktibismo ni Mark ay nagpapasok ang pelikula ng kakaibang imahen ng mga aktibista na hindi madalas naihahayag. Ngunit sa huli, ang mga kaganapan sa dalawa ang siyang maghahayag din sa mga kabalintunaan sa parehong panig ng mga bakla at mga aktibista.

Iba ang dynamics ng relasyon nina Ren at Lenny, dahil isinulat silang nagkakagusto sa isa’t isa hindi dahil sa kanilang prinsipyo kundi dahil sa kanilang pagsasama. Naroon pa rin ang debate sa mga dayalogo nila, pero makikitang walang nagwawagi. Titigil ang pag-uungkat nina Ren at Lenny na walang nagtatagumpay sa pagitan ng *queer* na si Ren at sa aktibistang pag-iisip ni Lenny. Ngunit mananatiling magkasama ang dalawa di lamang dahil sa kanilang kagustuhan sa isa’t isa kundi dahil na rin posible ang gayong pagsasama, at masasabing ang diskusyon nila ay magpapatuloy kahit walang klarong nagwawagi o napapaburan.

KABANATA IV. PROSESO NG PRODUKSYON

PRE-PRODUCTION

Pagkalipas ng pagtatapos ng iskrip sa Film 200 ay dumiretso muna sa *immersions*, pagsasaliksik at panayam sa mga LGBT na ikinasal sa kanayunan, pakikipanayam sa iba-ibang petsa at lunan noong Enero hanggang Marso 2017. Nakatulong ito sa pagtatapos ng *Working Script* na siyang magiging batayan sa lahat – lokasyon, artista, mga araw ng pagshoot, *schedule*, *budget* at *crew*. Naging bahagi din ng preprod, bilang ako rin at ang aking pamilya ang tumayong executive producers nito, ang paglikom ng sapat na kita para may *seed money* nang magagamit sa paglikha.

Unang ikinasa ang iskrip, sunod ang *schedule* at *budget*, paglock sa *crew* at *cast*, paghahanap ng mga posibleng *sponsors*, at huli na ang paglock sa mga lokasyon. Noong naisaayos na ang lahat ay tumuloy sa mga *orientation* at paghahanda din sa mga karakter ng mga aktor noong Marso hanggang Abril 2017. Nagkaroon din ng *early reading rehearsals* na kinabilangan ng parehong *cast* at *crew* para sa pagdedebelop ng *working script*.

Bagamat naging madali para sa akin ang paksa bilang marami rin akong kaibigang aktibista, hindi hayagang kinukwento ang pruseso ng pag-akyat sa kabundukan at pagsapi sa NPA. Kinailangan pa ng panahon para sa pakikipanayam. Nakausap ng awtor ang ilang mga aktibistang magkarelasyon sa iba-ibang petsa bago natuloy ang *shooting dates*.

Ang ilan ay hindi maaaring pangalanan, ngunit ang karanasan nila ay isa sa kanila ay namundok at ang isa ay naiwan sa Maynila. Dito nakuha ang ilang mga nuances na nakasaad din sa iskrip, gaya ng regalong bala o ilang impormasyon sa pruseso ng pag-akyat.

May isa ding magkarelasyon na tinuring ko na ring *consultants* sa aspeto ng aktibismo. Nagbigay sila ng ilang paglilinaw tungkol sa aktibismo at sa oryentasyon sa relasyong sekswal, pati na rin ang mga limitasyon para sa LGBT *couples* pag nasa kilusan – ang kawalan ng sekswal na aktibidad, ang posibilidad na magkawalay dahil nadedestino sa magkakaibang pook, etc.

May isang aktibista ding hinandugan ako ng ilang mga sulat mula sa kasama na naroon pa rin sa kabundukan at doon din ikinasal. Ito ang naging inspirasyon ko para sa mga sulat ni Mark.

Sina Carlo Pacolor Garcia at Prof. Yason Banal ang naging malaking gabay ko sa pagsusulat ng iskrip. Sa aming mga konsultasyon ay mas naintindihan nila ang istruktura ng kwento, pati ang kalikasan ng mga aktor. Naging mas mabigat sa akin ang pag-intidi sa mga karakter na ito at ang *dynamics* ng pakikipagrelasyon ng mga bakla kaysa sa pulitika dahil hindi naman pulitikal na teksto ang MARK & LENNY. Kumbaga iniwasan nito ang istereotipikong pagtingin sa mga aktibista bilang yagit, laging galit at laging palaban. Nagtutungo ang pelikula sa imahe ng mga aktibista bilang umiibig,

nagpapahinga sa gitna ng digma sa piling ng mga mahal sa buhay.

Ang mga aktor sa MARK & LENNY ay *pre-casted* at hindi na kinailangan ng anumang awdisyon dahil na rin sa mga naging karanasan ng awtor sa teatro. Kinailangan ng mga aktor na natural na makakaeksena ang isa't isa, kahit pa may sidhi sa bawat dayalogo ay kinailangan pa rin ng kumportable, *chill* at halos *mumblecore* pa nga na pagganap. Si Virgilio Balanon ng *Department of Speech and Theater Arts* ng UP Diliman ang unang nakuha bilang Lenny, sa kanyang natatanging pagganap noon sa isang *theater directing class*, pati na rin ang pagganap niya sa BILANGGO NG PAG-IBIG ng Dulaang UP noong 2015. Sa maagang *reading rehearsals* ng FAUST ng Dulaang UP noong 2016 naman nakilala ng awtor si Paul Jake Paule na mula naman sa Polytechnic University of the Philippines at Artists Playground. Agad rin siyang napapayag na gumanap bilang Mark dahil sa matapang at malaki niyang boses na babagay sa karakter. Ang huli kong napasama sa casting ay ang spoken work artist na si Juan Miguel Severo sa papel na Ren. Ipinalock na sa kanila ang Abril 7-9 bilang opisyal na *shooting dates* ng pelikula.

Isang malaking salik sa produksyon ang biglaang pagtanggap ni Juan Miguel ng gig sa kunsyerto ni Erik Santos noong April 9, na sinabi lamang niya noong Abril 6, isang gabi bago ang simula ng *shooting*. Dahil matagal nang naiset na Abril 7-9 at wala nang ibang araw na pwedeng imove ang isang *shooting date*, nagkaroon ng diskusyon ang *producer* na si Miguel Bongato at ang awtor kung sino ang kukunin dahil lahat ng opsyon noon ay may ginagawa nang ibang produksyon. Pagkalipas ang 30 na minuto matapos sabihin ni Juan Miguel ang problema at sa pagdidiskusyon kasama si

Miguel ay iminungkahi niya: “Ikaw na magRen. Ikaw din naman yan e.” Kinonsulta rin ng awtor si Io Balanon kung ano ang tingin niya kung ang awtor ang gaganap. Sagot niya: “Okay lang. Mas madali actually para sa akin.” Tapos ang usapan.

PRODUCTION

Sa *schedule* ng mga *shoot* nagkakaroon ng maluwag na *atmosphere*, dahil kinailangang maramdaman ng lahat ng artistang sumama na sila ay lumilikha ng isang *collaborative* na proyekto. Isinagawa ito nang may *tight* na *schedule*, at bukas ang direktor sa konsultasyon sa lahat ng panahon. Lahat ng artista ay may iminumungkahi para sa ikagaganda ng pelikula. Sa kalaunan, nasunod naman ang *schedule* at *budget* na inilaan. Naging malaking tulong ang tatlong araw na may 12 *working hours* lamang.

Nakatulong din na nakapagset ng ilang mga *meeting* sa *team* dahil naintindihan nila ang bisyon ng direktor. Gumaod sina Che Tagyamon, Robe Dagcuta, Glenn Barit, Miguel Bongato at Anjos Rone nang maluwag dahil matagal na rin nilang napag-aralan ang iskrip at napakinggan ang mga kagustuhan ng awtor. Kahit wala ang awtor sa likod ng kamera, sila ang nagsaayos alinsunod pa rin sa bisyon ng direktor. Lagi lang din nilang pinapacheck ang bawat *shot* kung umaayon pa rin ba sa naratibo.

Sa tulong ng aking *assistant director* ay ganito ang naging *itinerary*:

DAY 1 – Exterior UP scenes w/o Mark.

DAY 2 – Room scenes, B rolls of UP Diliman

DAY 3 – Scenes with Mark in UP, ToKick scenes

PETSA	LUGAR	AKTIBIDAD	KUMENTO
Enero - Pebrero 2017		Pagsasaliksik, Interbyu & Immersion	
Pebrero – Marso 2017	UPFI	Kunsultasyon sa Tesis / Pagsusulat ng Iskrip	Kunsultasyon sa <i>adviser</i> sa tesis, mga propesor sa pelikula at panitikan, sa mga kilalang estudyante, sa mga aktibista.
Marso 2017 (Unang linggo)		Pagtatapos ng <i>Final Draft / Meetings</i>	
Pebrero-Marso 2017(Iba't ibang pagkakataon)		Diskusyon at Pakikipanayam	
Marso 2017 (ikatlong linggo)		<i>Final Crew at Cast List / Oryentasyon para sa Produksyon / Lock Materials & Locations</i>	
Marso 2017 (ika- apat na linggo)	UPFI	Pre-prod Reading Rehearsals at Workshop	
Abril 2016 (ikalawang linggo)		Tatlong Araw na Shoot	

Abril – Mayo 2017	Monoxide Works	<i>Post Production</i>	
Mayo 2017 (ikalawang linggo)	Potes Residence / Monoxide Works	<i>Final Cut + Intimate Screening</i>	
Mayo 2017 (ikatlong linggo)		<i>Screening sa UPFI Likha Adarna</i>	

BUDGET

Sa paunang pagcacanvass (base sa mga nakaraang prods na aking kinabilangan), papatak ang *budget* sa sumusunod na halaga:

Table 2: Budget ng Produksyon

KATEGORYA	HALAGA	KUMENTO
Paglimbag at Pagkopya ng mga Iskrip	2,000.00	
Pagkain at Inumin	30,000.00	
Kagamitan ng PM-AD (<i>Masking tape, IDs, call sheets, school supplies, first aid</i>)	5,000.00	
Kagamitang Teknikal (Ilaw at Tunog)	70,000.00	
Kagamitan Para sa Disenyo ng Produksyon	20,000.00	
Kagamitan Para sa Post-Prod	15,000.00	
Honoraria ng mga Aktor	20,000.00	
Lokasyon	15,000.00	
<i>Emergency</i>	10,000.00	
TOTAL:	187,000.00	

POST-PRODUCTION

Ang buong proseso *postproduction* ay isinagawa sa Monoxide Works sa KJ Street, Kalayaan. Naging epektibo ang *collaborative* na kalikasan ng Monoxide Works para sa MARK & LENNY, at higit na kinailangan ang gayon para mapaganda ang pelikula. May mga sariling silid sa bagong opisina ng Monoxide Works para sa *video editing, color grading, sound mixing, sound recording at online edit*. Mayroong “chill” na *atmosphere* sa Monoxide na labis na nagustuhan ng awtor, dahil mas nakakapagbigay ito ng oras at espasyo para mapag-isipan ang pelikula. Mahalaga ding kumportable habang nagtatrabaho. Ito ang naging schedule:

Table 3: Schedule ng Postproduction

<i>DATE</i>	<i>ACTIVITY</i>	<i>NOTES</i>
<i>April 19</i>	<i>Picture Lock</i>	
<i>April 21-23</i>	<i>Sound Editing and Design</i>	
<i>April 26</i>	<i>Presentation to Adviser (Yason Banal)</i>	
<i>April 26-27</i>	<i>Dubbing/ADR</i>	
<i>April 28</i>	<i>Color Grading, Visual FX, etc.</i>	
<i>April 29-30</i>	<i>Scoring</i>	
<i>May 1</i>	<i>2nd cut</i>	
<i>May 1</i>	<i>Screening and Assessment for Crew</i>	
<i>May 2 - 5</i>	<i>Final Adjustments</i>	
<i>May 6</i>	<i>3rd and Final Cut (Final)</i>	
<i>May 10</i>	<i>Presentation</i>	
<i>May 12</i>	<i>Pre-Defense Screening Party for Cast & Crew</i>	
<i>May 16-17</i>	<i>Judgment Day (Thesis Defense)</i>	

Bagamat nagkaroon ng problema sa kahabaan ng pelikula, mabilis ding umayuda ang Monoxide Works at ang aking mga *editor* na sina David Quiambao at Abi Dango. Ang unang *cut (rough)* ay umabot ng 28 na minutos. Sinubukan naming magputol at subukan na ang credits, ang naging *Director's Cut* ay 27 na minutos. Upang maisama pa kahit

papaano sa Likha Adarna ay huli naming ginawa ang 24 na minutos na tinawag naming “UPFI Cut”. Ang mga natanggal lamang ay ang huling eksena kay Mark at ang eksena ng pagtakbo. Ang desisyong iyon ay mahirap dahil kailangan magkaroon ng closure sina Mark at Ren, ngunit sa huling *assessment* namin ni Prof. Yason Banal ay nabigyan niya ng paglililaw na ibang kwento at marahil cliché na ang dating ng ending kung kasama pa si Mark. Naging mas malinaw din na si Lenny ang tanging pipiliin ni Ren. Maaari din naman mag-iwan ng “coexistence” sa pagitan ng tatlo, at dadagdag din sa *ambiguity* kung ano na ang kinahinatnan ng kay Ren at Mark ngunit malinaw naman nasi Lenny ang pinili ng protagonista. (para sa mas malinaw na interpretasyon, basahin ang iskrip sa pahina 39).

Sa gitna rin ng pag-edit ay minabuti kong magpost ng mga larawan sa *social media* bilang *teaser* sa pelikula at imbitasyon na rin para manuod sa Likha Adarna 2017. Gumawa ako ng *event page* at doon ako naglalagay ng mga larawan. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:




Image 1: Teaser 1



Image 2: Teaser 2



Image 3: Teaser 3



Image 4: Teaser 4



Image 5: Teaser 5



Image 6: Teaser 6

Posted by UP Film Institute's Likha Adarna
4,910 Views



Image 7: Screenshot from Trailer

*Isang kwento ng
dalawang pag-ibig.*

Mark & Lenny

isang maikling pelikula ni Gio Potes

lo Balanon Gio Potes Paul Jake Paule

with Joyce Bacili, KR Rodgers, & Chase Salazar
Produced by Edith Potes & Miguel Bongato Co-produced by U.P. Diliman Gender Office
Sound by Robe Dacuta, Aliona Silva, & KR Rodgers Cinematography by Glenn Barit
Additional Photography by Ron Mesot, Brian Sulcipan, & Jhayle Meer
Production Design by Anjos Rene Music by Jordan Peralta

Post-Production Consultation by Rob Jara Editing by David Ignacio & Abi Dango Sound Design by JR Doroteo
Color by Owen Berico Asst. Direction by Che Tagyamon Talent Management by Penelope Jumapeo
Production Assistance by Dolly Dolot, Ian Sy, & Jzar Tabolin Continuity by Malvin Ramos & Trixie Guerrero Graphics by Eshel Mesina
Lights Equipment by GMB Film Services Sound Equipment by Henry Lu Post-Production by Monoxide Works
Advised by Prof. Yason Banal



Image 8: Official Poster for Likha Adarna 2017

KABANATA V. SCREENPLAY

MARK
&
LENNY

By Gio Potes

Film 200 - Undergraduate Thesis Script
University of the Philippines Film Institute

Isang baklang estudyante ay pinakawalan ang manliligaw na aktibista sa paniniwalang buhay pa ang kanyang dating kasintahang matagal nang namundok.

FIRST DRAFT: May 30, 2016
SECOND DRAFT: Aug 31, 2016
minor revisions: Sept 8, 2016
minor revisions: Feb 3, 2017
THIRD DRAFT: Feb 28, 2017
FOURTH DRAFT: March 6, 2017
FIFTH DRAFT: March 14, 2017
WORKING SCRIPT: March 22, 2017

OBB

Montage sequence ng iba-ibang mga lugar sa UP Diliman, o mga lugar na dinarayo ng mga estudyante nito, kapag gabi. Maaaring dito mag-umpisa ang usapan tungkol sa "Geyluv" ni Honorio de Dios.

INT/EXT. TOMATOKICK. NIGHT.

Makikita ang isang mausok at medyo may kaingayang bar. Ingay na mula sa funk/r&b music at ilang usapan ng mga karatig na mesa't upuan. Pokus sa dalawang binatang lalaking nakaupo sa isang mesa, at sila'y magkatapat. Ang isang binata na naka-light blue ay si REN at ang isa namang nakaitim at maong ay si LENNY. Sa mesa, may apat na bote ng 2 Red Horse at 2 San Mig Light, isang ash tray at si Ren ay nagsisigarilyo. Tipsy na pareho.

LENNY

So nagkatuluyan ba sila?

REN

Gahd, ngayon mo lang ba nabasa?

LENNY

Katamad e. Ano nga?

REN

Ang millennial ah. Basahin mo ulit

LENNY

Oo pero gusto ko lang malaman kung nagkatuluyan nga sila.

REN

Yun ang brilliance ni de Dios, di niya ever pinamigay. Parang after all that, ano naman? Mahalaga ba

kung nagkatuluyan? Does it matter?

LENNY

Pero alam mo na di sila maghihiwalay. Na kahit hindi sila, di sila lalayo. Shit, buti pinabasa mo sa'kin 'tong kwento. Nakakakilig. Bihira yon.

REN

But still heteronormative. Gay relationships na may tendency mapattern sa straight relationships? May boy, may girl... may pamhin, may effem? Besides, who needs relationships? Minsan maganda nang walang label.

LENNY

Minsan...

REN

Yan ka nanaman sa conservative side mo. Tibak na conservative. Trend ba yan?

LENNY

Yan ka nanaman sa liberal side mo. Mehn, di naman sa conservative. Di ba universal rin naman yon? Yung may mauwian ka pagkatapos ng prodwork o kaya magdamagang init sa Mendiola...

Mapapangiti si Ren. Ngingiti din si Lenny.

LENNY

Sama ka bukas? Lightning rally sa A.S.

REN

Di e.

LENNY

Boo.

REN

Sige ikaw gumawa ng RRL ko.

LENNY

(biglang kakanta, E-heads)

Gagawin ko ang lahat pati ang thesis mo...

REN

Ulul.

LENNY

Sandali.

*Iangat ni Lenny ang backpack at may kukunin sa loob nito.
Bahagyang inom si Ren ng alak at hihithit ng yosi.
Mahahanap ni Lenny ang kinukuha sa bag at ilalabas, pero
itatago muna.*

REN

Ano naman yan, Lenny?

LENNY

Teka. Pikit ka.

REN

Ha?

LENNY

Basta pumikit ka...

REN

Tanginang 'yan

*Pipikit si Ren at tatakpan ang mga mata gamit ang mga
kamay.*

REN

Ang tagal ah, kung titi mo 'yan
sana naman shaved. (matatawa)

LENNY

Sshhh. Gagu hindi. Sandali...

Ngingiti ito at gayundin si Lenny. Ilalabas ni Lenny ang hawak: isang itim na kwintas na may balang pendant. Isusuot niya ito kay Ren.

LENNY

Ayan, okay na.
Didilat si Ren at hahawakan ang kwintas bago tignan. Magbabago ang timpla ng mukha ni Ren.

REN

Tanim-bala.

LENNY

(matatawa)

Gago! Para sa'yo. Ginawa ko. Yung
punglo bigay ng kasama, galing
langit.

REN

(nagtataka)

Bakit... ito?

LENNY

E sabi mo nawala yung ganyan mo
dati, tsaka 'di naman genuine yun.
At least yan totoong bala galing
doon.

Katahimikan. Huhubarin ni Ren ang kwintas at hahawakan. Magbabago din ang mukha ni Lenny.

LENNY

Ayaw mo ba?

REN

Hindi naman, ano lang...

LENNY

Gusto ko sana espesyal e para...

uhm...

Lalagok si Lenny ng alak bago muling magsalita. Tila ninenerbyos. Hahawakan at titignan ni Lenny ang bala, tapos ang kamay ni Ren.

REN Para ano?

LENNY

Ren. Bago ako umakyat, pwede bang maging tayo na?

Manlalaki ang mga mata ni Ren bago tumingin sa ibaba.

REN

Ano??

LENNY

Bago ako umakyat, pwede bang tayo na?

REN

Manliligaw ka... tapos mamumundok ka?

LENNY

Ayaw mo?

REN

(gulat at nagtataka)
Teka! Sandali! Ano bang gusto mong maramdaman ko, malungkot o matuwa?

LENNY

Shhh... uhm e di naman ganoon katagal. Ilang buwan lang.

REN

Sigurado ka ba?

LENNY

Oo. E sinasabi ko naman sa'yo Reb
din naman ang tuloy ko e.

*Saglit. Mapapatingin sa ibaba si Ren, sisindi ng panibagong
yosi at mapapasandal sa upuan. Animo'y malaki ang
pag-aalala.*

Saglit.

LENNY

Huy, Ren... say something.

REN

E Lenny itigil na lang natin toh,
bago lumala.

LENNY

Ang rebolusyon?

REN

Ang tayo. Itigil na natin toh. Wag
na tayo mag-usap. Wag na tayo
magkita.

LENNY

Ayaw mo na... ayaw mo na ko kasama?
Pagkatapos ng lahat sa atin?

INT/EXT. VARIOUS LOCATIONS - (FLASHBACK)

Fast-paced montage sequence (M.O.S.):

- Ren at Lenny sa restaurant, tumatawa
- Ren at Lenny naglalakad sa kalsada,

tumatawa

- Ren at Lenny naglalaro sa arcade, tumatawa

- Ren at Lenny nagmamartsa sa mob, tumatawa

- Ren at Lenny, eksena kanina lang sa Tomatokick, tumatawa

INT/EXT. TOMATOKICK. NIGHT.

Ren at Lenny ngayon sa Tomatokick, parehong nakasimangot.

REN

Kasama lang naman. Dalawang buwan.

EXT. KALSADA - DAY - (FLASHBACK)

Tanghaling tapat at may mobilisasyon sa isang malawak na kalsada. Sabay-sabay ang chant at pagpapagaspas ng mga bandera at watawat ng mga kolektiba. May kakapalan ang hanay.

Makikita si Ren na namumula, nakashades at nahihilo sa init. Tuloy lang sa pagmartsa. Halos matutumba si Ren sa pagod at agad siyang masasalo ni Lenny mula sa likod.

LENNY

Ay o! sandali...

Kakargahin ni Lenny si Ren papunta sa sidewalk at iuupo dito si Ren. Luluhod si Lenny, bubuksan ang bag at maglalabas ng plastic na bote ng tubig na iaabot kay Ren. Tatanggalin ni Ren ang shades at magpapahid ng pawis sa mukha gamit ang kamay.

REN

Sorry ah? Hindi na yata ko sanay magmob. Kailangan ko na magworkout ulit.

LENNY

Pag nakapakat ka naman, ganito ang workout mo. O uminom ka muna.

REN

I dunno how you survive I mean so much effort naman para ipaglaban ang karapatan! Mas trip ko pang mag-gym.

LENNY

Wow, so much effort din para magmukhang pogi.

Titingin lang si Ren sa kanya. Mahihiya si Lenny, kunwari may ginagalaw sa bag.

LENNY

Pero pogi ka naman
Magkakatinginan sila, mangingiti pareho. Iinom ng tubig si Ren mula sa isang bote.

LENNY

Pawisan ka. Sandali.

Bubunot si Lenny ng Good Morning towel sa bag. Pupunasan ni Lenny ang pawisang mga kamay at braso ni Ren. Mahahawakan ni Lenny ang kamay ni Ren, mabibigla sila pareho at mapapatitig sa isa't isa. Ngingiti si Lenny, at ngingiti si Ren.

LENNY

Ah. Carlean nga pala. Lenny.

REN

Ren.

Magkakamay ang dalawa.

INT/EXT. TOMATOKICK. NIGHT.

LENNY

Pero, pero bakit di mo sinabi agad?

REN

Ikaw bakit di mo sinabi agad?

LENNY

Ako unang nagtanong.

REN

Fine! Biglaan lahat.

LENNY

Di yun biglaan. Naging friends muna tayo

REN

Huh friends? One moment usap lang,
tapos biglang iba na intentions mo?

LENNY

E intentions mo?

REN

Intentions mo. Intentions ko.
Intentionception. Tingin mo ba
dalawang baklang "friends" magiging
"friends" lang kung sweet at pacute
yung isa?

LENNY

Pacute ako?!

REN

Fine, cute! Cute talaga! Actually
gwapo pa nga! At tibak, mahilig ako
sa tibak... mga tibak na
namumundok.

Hinga.

REN

O yung tanong ko naman.

LENNY

E... E pasensya na, akala ko
naiintindihan mo. Patola ka naman.

REN

Sakto kasi. Lonely ako. Tao lang.

Mabibigla si Lenny.

LENNY

(tataas ang boses)

So ano ako? Trial ako, ganon? Fubu
lang?!

REN

Sshhhh ano ba...

LENNY

E parang ganon sinasabi mo e.

REN

Teka ha, ikaw tong aalis di ba? E
ano naman ako?

LENNY

Sinubukan ko lang, after nung mob
na yun nagclick tayo. Kaya
sinubukan ko. Pero lumala...

Mabibigla si Ren.

REN

(tataas ang boses)

O ngayon ano? Kumpara sa pamumundok
mo, trial lang din ako?! Huling
kantot?!

REN

Sssshhh. Lenny, hindi kasi.

Saglit. May pag-aalangan si Ren.

LENNY

E ano ba 'yun?

REN

May-- may boyfriend na ako. Tibak din.

LENNY

Ano?

Matatahimik ang dalawa. Si Lenny naman ang nanlaki ang mga mata sa gulat at pagtataka.

LENNY

(matatawa, di makapaniwala)

Totoo ba?

REN

Oo.

Mapapasimangot si Lenny. Saglit. Magbubuntung-hininga si Lenny. Magtitimpi.

LENNY

Tibak... so mahilig ka lang sa tibak...

Matitigilan si Lenny at titingin sa ibaba. Hihithit ng sigarilyo. Biglang, hahawakan ni Lenny ang kamay ni Ren. Mabibigla si Ren at mapapatingin sa mga kamay nila. Ngingiti si Ren sa kamay ni Lenny. Mangingiti din si Lenny pero agad bibitaw at ilalapit ang mukha kay Ren.

LENNY

O sige... sino na lang... sino

yung
jowa?

REN

Si Mark Sssss--

LENNY

Marx?

REN

Mark. Full time siya ngayon tsaka ---

LENNY

Sshhhh.

(pabulong)

May balita ka pa ba sa kanya?

Sumusulat pa?

REN

Wala na. Almost two years nang wala.

LENNY

(pabulong)

Baka naman...

REN

Hindi noh! Ano ka ba! Masama pa sa
masamang damo yun!

Titingin sa ibaba si Lenny.

LENNY

Hinihintay mo pa siya?

REN

Hindi... oo... ewan, hindi ko alam.

LENNY

Edi pag bumalik yun... pano na? Di mo na lang ako papansinin?

REN

Hindi ko alam...

Magbubuntung-hininga si Lenny.

LENNY

Mark? Parang wala na akong naabutang Mark.

Babalik sa maayos na pagkakaupo si Lenny. Iinom si Ren.

REN

Batang aktibista ka pa kasi.
Masyado ka pang excited, mapusok...
Balang araw magdadalawang isip ka rin

LENNY

Si Mark ba nagdalawang isip?

REN

Oo...

Saglit. Ngingiti si Ren.

REN

sa akin.

BEGIN FLASHBACK:

EXT. KALSADA - DAY: FLASHBACK

Eksena ni Mark na nagmamass lead with megaphone sa ibabaw ng jeep na gumagalaw. Makikita si Ren na nakamasid lang mula sa malayo.

REN (V.O.)

Gwapong gwapo siya no'n. Freshie pa ko noon at doon ako nagsimulang magkagusto sa mga tibak na... alam mo 'yun, hinubog nung katibakan nila. Kayumanggi, medyo macho --

LENNY (V.O.)

Parang ako?

REN (V.O.)

Ang conceited ah. Pero oo. Anyway, lagi siyang nasa mob. E ako namang walang alam nakikinig lagi sa kanya. Meron siyang palabang boses. Nadadala din niya sa kama.

INT. REN'S BEDROOM. NIGHT - FLASHBACK

Sa isang madilim at magulong kwarto, makikita ang hubad na mga katawan nina Mark at Ren sa kama na magkayakap. May isusuot si Mark kay Ren na kwintas na bala.

INT. REN'S BEDROOM - NIGHT - FLASHBACK

Lalapit sina Ren at Lenny sa bandang pintuan ng isang kwartong makalat sa papel, tarps at pintura. Sa gitna ng mga nabanggit ay ang kama kung saan may ingay ng pagyanig (may nagesex, missionary position, sina Mark at Ren), panay malalim na ungol ni

*Mark at titigil siya sa isang malakas na ungol. Tapos.
Hihiga si Mark sa kama.*

LENNY

Yuck. Ano ba naman 'to

REN

Yuck ka dyan pero sarap na sarap
ako nyan. Laki e.

LENNY

Diyos ko.

MARK

(kay Ren sa alaala)

Oks ba?

REN

Oks na oks.

LENNY

oks na cock.

Magsisindi si Mark ng yosi. Yayakap siya kay Ren sa alaala.

MARK

(kay Ren sa alaala)

Bebe?

LENNY

Ang tawagan niyo bebe? Squala ampotah

REN

Sssh. Dito yata kami nag-away...

LENNY

Nag-away?

MARK

(kay Ren sa alaala)

Bebe!

REN

Bakit?

MARK

TopSeeker93?

Saglit. Magugulat si Ren. Haharap si Mark kay Ren sa alaala na hawak ang cellphone.

MARK

(kay Ren sa alaala,
hinihingal)

bakit may Grindr tong phone mo?

*Magagalit ang mukha ni Mark. Mapapause ang flashback.
Mag-uusap si Ren at Lenny.*

LENNY

Grindr?

REN

Grindr.

REN

E ano naman? Masarap makipagsex. I didn't care about relationships so much, naenjoy ko kahit may jowa ako. Tsaka di ako tanga, safe naman lahat yon. You won't get it. Conservative kasi kayo ni Mark. Tsaka isa pa, kung subsob sa trabaho para sa bayan ang jowa

mo,

hindi ka ba malulungkot? Ano tingin
mo?

LENNY

Ang liberal, ang ipokrito, at ang landi.

INT. REN'S BEDROOM - NIGHT - (FLASHBACK)

Cont'd

Babangon si Mark at mauupo sa pwesto sa kama. Si Ren na tumatanaw sa eksena ang sasagot sa kanya. Habang si Mark ang katabing Ren ang kausap.

MARK

Ang liberal! Ang ipokrito! Ang --- ang landi mo!

REN

Malandi lang ako, pero Mark mahal naman kita e.

MARK

Wag mong gamitin 'yan para ijustify
ang kalandian mo!

REN

Sandali nga, kumalma ka nga! Di mo
ba pwedeng isipin na para lang din
akong...

MARK

Parang pokpok?

REN

(taranta, naghahanap ng
sasabihin)

Ito... na parang... ikaw. Parang
ikaw. Isipin mo na lang na... na
nanghahamig lang din ako.

LENNY

Pak. Foul.

Saglit. Tititig lang si Mark kay Ren.

MARK

Ano?!

LENNY

Sobrang foul.

INT. REN'S BEDROOM - DAY - (FLASHBACK)

Umaga na sa kwarto ni Mark, kumbaga pagpapatuloy ng nakaraang eksena. Andoon pa rin sina Lenny at Ren na nakatayo pa rin sa pintuan. Wala na si Mark at Ren sa alaala. Sa pagkakataong ito may mga libro sa kama, at may sulat sa kama na dadamputin ni Ren. Mananatili si Lenny sa may pintuan.

REN

Ano ba, mas bata pa ko noon. Ano bang alam ko? Pero kung alam mo lang mas naintindihan ko ang pagkilos nung nawala siya. After noon, sineryoso ko na siya. Natuto na ko...

LENNY

Sineryoso mo siya... o yung pagiging tibak niya?

REN

(mapapaisip, matatawa)

Pakyu.

LENNY

Ilang taon na ba kayo niyan?

REN

Mag-aapat na kami ngayon, pero tatlong buwan pa lang namundok

na

siya.

Babasahin ni Ren ang sulat.

REN

"Mahal kong bebe, paalam. Babalik
ako. Pangako."

LENNY

Ganoon lang? Walang pormalidad?

REN

Yun na yon. Alangan namang
gigisingin niya 'ko tapos
sasabiing "Huy Ren, mamumundok na
ko. Sama ka?"

LENNY

Gagu. Pero bakit di ka nga sumama?

REN

Gagu ka rin. Mob at rally nga
matumba-tumba na ko, mamartsa pa ba
ko sa mga ilog tsaka mga matatataas
na daanan? Mamamatay ako dun kahit
walang militar! Besides, walang
wifi sa bundok. Walang cafe o mga
bar, bawal cellphone. Kahit sex
restricted. Boring.

LENNY

Wow. E paano mo nalaman, nakapunta
ka na ba?

REN

Hindi. E ikaw?

LENNY

Di pa. Pero amburgis lang na kaya
ayaw mo umakyat e dahil wala 'don
mga luho mo. Tingin mo ba
bakasyunan lang yang
pagrerebolusyon?

REN

Parang bakasyon, panandalian lang.
Sa tinagal ng panahon bakit di pa
rin yan nangyayari?

LENNY

E kasi may mga tulad mong naduduwag
pa. Na mulat pero di naman
kumikilos, di nakikibaka, wala sa
digma.

REN

Aba at di niyo pwede gawin dito
yan?

15.

LENNY

Para saan pa kung sa kanayunan lang
din naman yung tunguhin nating
lahat?

REN

Di yan para sa lahat.

LENNY

Para yan sa karapatan ng lahat.

REN

Tibak jargons mo, nakakanosebleed.

LENNY

Pagiging burgis mo,
nakakanosebleed.

REN

Dun ka sa Mendiola mo.

LENNY

Dun ka sa Men mo.
Bubunghalit sa tawa ang dalawa.
Saglit.

LENNY

Or dun ka sa Mark mo...

INT. REN'S BEDROOM - VARIOUS DAYS (FLASHBACK)

Kasama ni Ren si Lenny sa kwarto niya na mas malinis na kumpara noong huli. May isang supot na ilalabas si Ren at ibubuhos ang mga laman. Pawang mga sulat, iba-iba ang kulay.

Hahalungkatin nila ang mga papel at babasahin isa-isa. Special montage sequence ng mga sulat sa iba-ibang kulay ng papel. Mga sulat ni Mark kay Ren. Overlapping M.O.S. at V.O.

lang ni Mark ang naririnig.

(Ang nilalaman ng mga sulat ay babaguhin pa, pero the thought and progression of the letters ay pegged sa mga sumusunod:)

MARK

(V.O.)

*Kamusta ka, mahal kong Ren?
Narating ko rin pagkalipas ng halos
isang araw yung kampo.*

(MORE)

16.

MARK (cont'd)

*Mahal kong Ren; BB kamote nanaman
ang agahan. Inggit ako sa'yo dyan.
Namimiss na kita.
Ren, kamusta ang pagkilos? Naaalala
kita dito. Lalo kapag nasa*

sakahan

kami. Sana andito ka... nakakasulat
na rin ako ng mga tula. Yun nga
lang nagagawa ko dito parati
ANG PANGUNGULILA NG ISANG GERILYA.
Niniais kong sumulat ng tula / Sa
irog na sa patag ay naiwan /
Bagama't buhay ay mahirap sa
kanayunan / Tila nangibang-bansang
niniais lamang na ika'y
masustentuhan / Ngunit nasaan ka
man / at anuman aking kapalaran /
lagi mong tatandaan: / Lagi mong
hawak ang mga kamay ko / Sa bawa't
hakbang
Mahal kong B; may mga kasamang
nabaril lamang kahapon. Umigting
yung pagbabantay sa kampo. Baka
sakaling ilipat din ako ng pakat.
Kamusta ka?
Mapagpalaya at maligayang Bagong
Taon, BB!
Maligayang Araw ng mga Puso, BB!
Hello BB.

SFX: Tugtog mula sa TV News Update

INT. LIVING ROOM. NIGHT - (FLASHBACK)

*Magliliwanag ang mukha ni Ren na nakaharap sa telebisyon
habang nasa likod ng sofa. Mapapasimangot ito sa balita.
Makikita ang ilang mga censored na katawang nakalupasay sa
damuhan.*

TV NEWS REPORTER

Ilang mga diumano'y miyembro ng New
People's Army ay natagpuang patay
sa isang liblib na kalsada sa isang
bahagi ng Abra. Tatlong lalaki at
isang babae ang natagpuang may

tama

sa likuran at tinatayang nabaril

(MORE)

17.

TV NEWS REPORTER (cont'd)

diumano ng mga sundalo ng AFP
habang sinusubukang magnakaw ng
ilang armas mula sa kampo ng mga
sundalo.

*Lilitaw sa likod ni Ren si Lenny at hahaplasin ang balikat
nito. Pipikit at maluluha si Ren.*

EXT. SIDEWALK OUTSIDE TOMATOKICK. NIGHT.

*Naglalakad sina Ren at Lenny sa kalsada, pauwi na. Parehong
nakatunganga sa kawalan, marahil nag-iisip ng sasabihin.*

REN

Kaya dapat Lenny... wala nang
ganito.

LENNY

Sandali lang naman...

REN

Pasensya ka na, ngayon ko lang
sinabi.

LENNY

E sigurado ka na ba?

Titingin si Ren kay Lenny.

REN

Sinabi ko na rin naman. Matagal na
'kong naghihintay...

LENNY

E paano kung naghihintay ka lang
pala sa wala? Tsaka mahal mo pa ba
siya, kahit hindi mo naman siya
kasama?

REN

Alam mo, wag ka nang mag-alala,
magkakasama pa rin naman siguro
tayo. Pero minsan na lang.

Matatahimik lang si Lenny. Saglit.

LENNY

Kalebel lang yata ako ng mga
ka-Grindr mo e.

Triggered si Ren sa nasabi.

18.

REN

Ano ka ba, ang dami mo rin namang
pwedeng gawin ah? Magfocus ka sa
pagiging tibak mo, mamundok ka,
isulong mo ang rebolusyon. O di ba
yun naman ang gusto niyong lahat?
'Yan din naman yung pupuntahan
ninyong lahat.

LENNY

Hindi yun ganoon kadali. Ren, alam
mo pwede namang hindi ako tumuloy
e. Hindi mo na ba ko gusto?

REN

Come on. Grow up, Lenny. Be mature
about this. Hindi naman umiikot ang
mundo mo sa akin. Gawin mo kung
anong kailangan mong gawin...
humawak ka ng armas, pakarebelde
ka, pumatay ka. Sa awa ng Diyos,
sana di ka matapat sa engkwentro.
Pero kung sakali, iputol na natin
'to ngayon pa lang. Ayoko nang
maiwan ako ulit. Ayoko na. Tsaka
isa pa, baka may makilala ka pang
kapwa mo tibak. Ikasal kayo

doon.

Magkaanak kayo. Basta!

LENNY

Hindi mo ko mahal?

Saglit. Kakapain ni Ren ang bulsa at ilalabas ang kwintas. Ibabalik niya ito kay Lenny. Magtitimpi si Lenny at titingin

sa ibaba, nakakamao. Saglit. Mabilis na maglalakad si Lenny palayo. Susundan lang siya ng tingin ni Ren.

INT. REN'S BEDROOM - NIGHT

Nakahiga si Ren sa ngayo'y malinis nang kwarto, nakaharap sa

may desk at sinusubukang magsulat ng RRL sa kanyang laptop. Matitigilan ito. Magbubuntung-hininga ito at tititig lang sa

kawalan. Hihiga siya sa kama at kunwa'y may katabi. Dito'y biglang lilitaw si Mark na nakangiti sa kanya. Ngingiti si Ren at hahapulin ang mukha ni Mark. Biglang magbabago si Mark at magiging si Lenny.

LENNY

Parang kalebel lang yata ako ng mga
ka-Grindr mo e.

Mabibigla si Lenny at ibabaon ang mukha sa unan habang umeecho ang huling dayalogo.

19.

INT/EXT. VARIOUS LOCATIONS (FLASHBACK)

Fast-paced montage sequence (M.O.S.):

- Ren at Lenny sa mob sa kalsada na kapitbisig

- Ren at Lenny sa meeting ng isang org, bubulong si Lenny at

ngingiti si Ren

- Ren at Lenny tumakbo sa waiting shed habang umuulan, magbabasaan

- Ren sa klase niya sa A.S., nagpapapansin si Lenny sa may pinto. Matatawa si Ren.

- Ren at Lenny sa jeep isang gabi, unti-

unting ilalapag ng

tulog na si Lenny ang ulo niya kay Ren.

- Ren at Lenny, nakahubad at magkayakap sa kama. Hahalikan ni Lenny ang noo ni Ren.

INT. REN'S BEDROOM - DAY

Magigising si Ren na tila panaginip ang buong huling eksena.

Titingin sa oras, 7:00AM. Hihinga at tsaka babangon mula sa kama.

EXT. A.S. STEPS - DAY

Maglalakad si Ren patungo sa A.S. Steps. Maririnig ang mob ng mga tibak laban sa Neolib sa U.P. Lalapit agad si Ren at mapapansing wala dito si Lenny. Kakapain ni Ren ang bulsa niya at ilalabas ang cellphone niya. Kukunan niya ng litrato

sa cellphone niya ang mob nang mahagip nito ang mukha ni Mark. Ibababa agad ni Ren ang phone at makikita nga si Mark na nakaakbay sa isang kasamang binata na may katabi ding batang babae na animo'y 3 taong gulang.

Matitigilan at manlalaki ang mga mata ni Ren. Unti-unti itong lalapit hanggang sa makita siya ni Mark. Magugulat si Mark, pero kalmadong bubulong sa kasama na titingin din kay Ren, titigil ito sa pagbulong nang makalapit na sa kanila si

Ren. Ngingiti sila pareho kay Ren. Ngingiti si Ren.

REN

M-Mark?

Ren. Ah, ito nga pala si Miguel

MARK

20.

MIGUEL

Hello. Nice to meet you.

Kakamayan ni Miguel si Ren. Mapapatitig si Ren kay Miguel.

Hanggang sa may isang babaeng kasama mula sa mob na biglang lalapit at bubulabog.

KASAMA

HUY MIGUEL! MIGUEL TANGINA KA!

Kasal na pala kayo sa taas di niyo
sinasabi?! Congrats!

Agad magbabago ang mukha ni Ren at sisimangot. Mawawala ang pansin ng tatlo kay Ren at tututok sa kausap na kasama. Magtatawanan sila. Maglalakad palayo si Ren. Lalakas ang mga

chant ng mob at titigil at lilingon ang nagulat na si Ren. Nakatingin sa kanya si Mark habang kausap silang tatlo ng kasamang babae. Ngingiti lang si Mark sa kanya.

Tatalikod si Ren at babalik sa paglalakad, palayo nang palayo at pabilis nang pabilis hanggang sa tumatakbo na siya. Maluluha ito habang tumatakbo.

INT. REN'S BEDROOM - MADALING ARAW

Naghahalungkat si Ren ng mga gamit. May katabing malaking black garbage bag na marami nang laman. Masisilip ang mga laman - mga flyers, posters, mga damit at papel. Kumpara sa dati, mas malinis na ang kwarto. Nagtatapon si Ren ng mga gamit at papeles, bigla siyang magpupunit hanggang sa may mahila siyang tali - ang kwintas na ibinigay ni Mark. At tinignan ni Ren ang kalakip na papel.

MARK (V.O.)

*Ngunit nasaan ka man / at anuman
aking kapalaran / lagi mong
tatandaan: / Lagi mong hawak ang
mga kamay ko / Sa bawa't hakbang*

Mamasdan ni Ren ang kwintas na naluma na at pumanget.

Maaari

ding masira dahil hindi genuine. Manlalaki ang mga mata ni Ren na tila may naalala.

EXT. KALSADA - DAY (FLASHBACK)

Sa sidewalk, habang pinupunasan ni Lenny

si Ren ay mahahawakan nito ang kamay ni Ren. Mapapangiti si Lenny, at mapapangiti si Ren. Titingin si Ren sa paghawak ni Lenny sa kamay nito.

SFX: tunog ng dialtone sa cellphone receiver.

21.

EXT. REN'S BACKYARD - MADALING ARAW

Nakapatong ang cellphone sa tenga ni Ren na tila 'di mapakali.

LENNY

(sa cellphone)

Hello?

REN

Lenny? Hello! Nasaan ka ngayon?

LENNY

(sa cellphone)

Ren? Bakit ang aga mong tumatawag?

REN

Basta. Nasaan ka?

EXT. KALSADA NG SUBDIVISION - DAWN

Makikita si Ren na nagpatong ng jacket at tumatakbo sa kalye

ng subdivision. Makakaabot ito sa gate ng subdivision na pawisan at tumatakbo pa rin, tila di napapagod.

EXT. ACAD OVAL - DAWN

Mas maliwanag na at tumatakbo pa rin si Ren kasabay ng mga joggers. Liliko ito sa bandang CAL at FC at didiretso sa parking lot sa likod ng CAL, malapit sa mga tindahan.

EXT. CAL PARKING LOT - DAWN

May mga jeep at mga kasamang sumasakay na dito. Makikita ni Lenny si Ren na tumatakbo papalapit. Ipapasok ni Lenny ang mga gamit sa loob ng jeep, pero tatanganin niya ang gitara niya. Lalapitan ni Ren si Lenny. Titigil si Ren at hihingalin.

LENNY

Ren? O, pawisan ka ah?

Mag-aabot muli ng Good Morning towel si Lenny kay Ren.

LENNY

O ito oh.

Titignan ni Ren ang munting twalya, hahawakan, ngingiti habang hawak ito at saka yayahapin nang mahigpit si Lenny.
22.

LENNY

Oh. Oh. Kakaligo ko lang.

Matatawa si Lenny at agad hihiwalay kay Ren. Titignan niya ito sa mata nang may pag-aalangan.

LENNY

E... bakit ka nandito?

REN

Wala... gus-gusto lang kita makita.

May... may lakad kayo?

Titingin si Ren sa mga jeep na pinupuno ng mga tao.

KASAMANG LALAKI

VLADIMIR LENNY! Tara, paalis na!

Lilingon si Lenny.

LENNY

Tol, saglit lang! 5 minutes!

Babalik si Lenny kay Ren.

LENNY

Papanhik na ko.

Magbabago mukha ni Ren.

REN

Papanhik?

LENNY

Sa langit.

*Tatawa si Lenny, pero siya lang ang matatawa. Mapapailing si
Ren.*

REN

Bakit?

LENNY

E bakit hindi?

REN

Ka-kasi... walang... walang wifi,
walang Starbucks, walang porn,
walang Sarah's... walang --

Matatawa si Lenny. Titigil at hahawakan ang balikat ni Ren.
23.

LENNY

Ren...

REN

Yun... walang Ren.

Mabibigla si Lenny at ibababa ang kamay at ang tingin.

LENNY

Matagal ko na 'tong pinag-iisipan.
Nung gabing 'yun, nabuo na yung
desisyon ko.

REN

Hala... hala... ang bilis naman.

LENNY

Sabi mo na rin naman doon tungo
nating lahat na kumikilos di ba?

REN

Pwede naman dito... mas ligtas
dito... Maraming pwede mangyari
doon sa'yo

LENNY

Marami ring pwedeng mangyari sa'yo
dito.

REN

Tumigil ka nga, Lenny. Alam mong mas mapahamak doon. Ayaw mo na kong kasama?

LENNY

Ikaw, bigla kang aamin ng kay Mark, bigla ka ring pupunta dito. Puro ka ata biglaan ah?

REN

Si Mark kasi...

LENNY

Alam ko. Pero di ko naman pinili ito dahil lang sa... dahil lang sa'yo. Nasaktan ako, oo. Pero ito yung dapat e. Daming dapat pagtagumpayan, napapanuod mo naman 'di ba?

Titingin sa ibaba si Ren, bahagyang maluluha. Magbubuntung-hininga. Hahawakan ni Lenny ang kamay ni Ren. Magpupunas ng mata si Ren at titingin kay Lenny. Ngingiti si

Lenny kay Ren.

24.

LENNY

Ito na mga pinili natin, Ren. Pero babalik naman ako e.

Di makapagsalita si Ren. Magsisimula itong maglakad patalikod nang yakapin siya ni Lenny nang mahigpit.

LENNY

(pabulong)

Babalik ako, Ren. Pramis, babalik ako.

Hihiwalay si Lenny kay Ren, at ngingitian ito. Kakamayan ni Lenny si Ren at aktong iaangat ang kamao nito at hahalikan nang matagal. Bibitaw si Lenny at tatakbo papunta sa jeep.

Puno na sa loob kaya mauupo ito sa bukana, hawak ang gitara.

Tutugtog ito habang bumubukas ang makina, at aktong aalis ang sasakyan. Nakatayo lamang si Ren, hawak ang naiwang twalya ni Ren at nakatitig sa papalayong sasakyan ng mga aktibista, habang sa bukana'y tumutugtog si Lenny.

WAKAS.

CBB

KABANATA VI. PRODUCTION STILLS



Image 9: Production Stills Group 1



Image 10: Production Stills Group 2



Image 11: Production Stills Group 3



Image 12: Production Stills Group 4



Image 13: Production Stills Group 5

